

MAPEH

(MUSIC)

**Ikaapat na Baitang – Modyul 1:
Pagkilala sa Iba't Ibang Uri ng
mga Nota at Pahinga**

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI



Alamin

Mga Layunin sa pagkatuto:

1. Nakikilala ang iba't ibang uri ng mga nota at pahinga.
2. Nakikilala ang halaga ng bawat nota at pahinga.
3. Nakakaguhit ng iba't ibang nota at pahinga kaugnay ang halaga nito.

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang sumusunod na mga hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na mga tanong sa pagtataya at pagsasanay.



Subukin

Panuto: Kilalanin ang simbolo ng mga nota at pahinga na nasa Hanay A at hanapin ang pangalan nito sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

Hanay A

___ 1. 

___ 2. 

___ 3. 

___ 4. 

___ 5. 

Hanay B

a. buong pahinga

b. waluhing nota

c. apating pahinga

d. buong nota

e. apating nota

Aralin**1****Pagkilala sa Iba't Ibang Uri ng mga Nota at Pahinga**

Nagawa mo na bang makinig sa mga huni ng ibon? Ang mga ingay sa iyong paligid? Ang tibok ng iyong puso? Ang mga ritmo at pulso na naririnig mo sa iyong paligid ay tinatawag na mga tunog.



Sa aralin na ito, ang ritmo ay ang paulit-ulit na ingay o tunog na naririnig ayon sa diin at tagal na tinatanggap ng mga nota at pahinga

***Balikan***

Panuto: Tingnan ang simbolong patpat (|), ang kumpas ng bawat patpat ay katulad ng galaw ng katamtamang paglalakad. Ang ipinagdugtong naman na patpat (□) ay katulad ng galaw ng pagtakbo. Ang ibig sabihin nito ay katamtaman lamang ang kumpas ng bawat patpat habang ang kumpas ng ipinagdugtong na patpat ay mabilis. Ang simbolo naman ng rest/pahinga (()) ay katahimikan na ang ibig sabihin ay ihinto ang galaw.

Gawin mo ito:

Ipalakpak ang sumusunod na mga *rhythmic patterns* sa dalawahan, tatluhan, at apatang kumpas. Ang mga *rhythmic patterns* ay ginagamitan ng simbolong patpat (|). Ang kumpas ng isang patpat ay katamtaman lang na katulad ng paglalakad at ang kumpas naman ng ipinagdugtong na patpat (□) ay katulad ng pagtatakbo. Ang rest/pahinga (()) ay walang palakpak/galaw dahil ito ay simbolo ng katahimikan.



Tuklasin

Panuto: Suriin ang iskor ng awiting “**Magandang Araw**” sa ibaba. Basahin ang titik ng awit at bigyang pansin ang uri ng mga nota at pahinga na ginamit.

Pagkatapos mong basahin ang mga titik ng awitin at suriin ang mga nota at pahinga, sipiin at iguhit ang mga nakikita mong simbolo ng mga nota at pahinga sa loob ng kahon sa susunod na pahina.

Magandang Araw

Maria Elena D. Digo

Ma gan dang a raw po! Ma hal na ming gu

ro, Ka mi ay bu ma ba ti at han dang ma tu

to. Sa na ang pag ki ki ta'y ma ging ka i ga i ga

ya. Ma hal na ming gu ro, ma gan dang a raw po!

Nota	Pahinga
_____	_____
_____	_____
_____	_____



Suriin

Sagutin ang mga tanong.

Tungkol saan ang awit?

Ayon sa awit, paano binabati ng mga bata ang guro bago sila nagsisimula sa klase?

Handa ba ang mga bata sa kanilang leksiyon?

Kilalanin ang mga nota at pahinga na makikita sa awit.

Ilang uri ng mga nota ang nakikita mo sa awiting “Magandang Araw”?

Ilan ding uri ng pahinga ang iyong nakikita?

Tandaan na ang bawat nota ay may katumbas/katapat na pahinga. Ang bilang ng kumpas na tinatanggap ng nota ay siya ring bilang ng kumpas na tinatanggap ng kaugnay na pahinga.

Ang bawat nota at ang katumbas nitong pahinga ay may kaukulang tagal/haba ng bilang ng kumpas.

Tingnan ang mga detalye sa table sa ibaba.

Halimbawa;

Pansinin ang apating nota at apating pahinga.


Ang katumbas ng apating nota  ay apating pahinga .

May parehong bilang ng kumpas ang tinatanggap ng bawat isa. Ito ay 1 kumpas.

Mga Uri ng Nota	Simbolo	Mga Uri ng Pahinga	Simbolo	Bilang ng Kumpas
Buong Nota		Buong Pahinga		4
Kalahating Nota		Kalahating Pahinga		2
Apating Nota		Apating Pahinga		1
Waluhing Nota		Waluhing Pahinga		1/2

Bigyang pansin ang sumusunod na paglalarawan ng bawat nota at pahinga.

1. **Buong Nota** - hugis bilohaba ang ulo na walang shade. May 4 na kumpas. Mas mahaba ang kumpas / tunog nito.
2. **Kalahating Nota** - hugis bilohaba ang ulo na walang shade at may patindig na sanga. May 2 kumpas. Di gaanong mahaba ang kumpas/tunog nito.
3. **Apating Nota** - hugis bilohaba ang ulo na may shade at may patindig na sanga., May 1 kumpas. Katamtaman lamang ang haba ng kumpas/tunog nito.
4. **Waluhing Nota** - hugis bilohaba ang ulo na may shade, may patindig na sanga na may kuwit. May 1/2 na kumpas, Mabilis ang kumpas/tunog nito.
5. **Buong Pahinga** - parang baligtad na kalo
6. **Kalahating Pahinga** - parang kalo
7. **Apating Pahinga** - patindig na linyang paalon na may buntot
8. **Waluhing Pahinga** - parang number seven na may diing tuldok sa kaliwa.



Pagyamanin

Panuto A: Balikan ang mga notang ginamit sa awiting “Magandang Araw”. Gawin ang hinihingi nga kolum.

Uri ng Nota (Iguhit)	Ngalan ng Nota	Bilang ng Kumpas/ Halaga ng Nota
1. _____	_____	_____
2. _____	_____	_____
3. _____	_____	_____

Panuto B: Sanaying iguhit ang mga nota at pahinga at isulat ang katumbas na bilang ng kumpas nito.

	Nota/Pahinga	Bilang ng Kumpas
1. Buong Nota	_____	_____
2. Kalahating Nota	_____	_____
3. Apating Nota	_____	_____
4. Waluhing Nota	_____	_____
5 Buong Pahinga	_____	_____
6. Kalahating Pahinga	_____	_____
7. Apating Pahinga	_____	_____
8. Waluhing Pahinga	_____	_____



Isaisip

Ang musika ay ginagamitan ng mga nota at pahinga. Ang nota ay nagpapahiwatig ng tunog, habang ang pahinga ay nagpapahiwatig ng katahimikan.

Tandaan na ang bawat nota ay may katumbas/katapat na pahinga. Ang bilang ng kumpas na tinatanggap ng nota ay siya ring bilang ng kumpas na tinatanggap ng kaugnay na pahinga.



Isagawa

Panuto: Gawin kung ano ang isinasaad sa bawat bilang,

1. Basahing muli ang titik ng awit na “**Magandang Araw**” at isadula ito na may magpapanggap na guro at mag-aaral.

Halimbawa: **Kung gagawin ito sa klase**

Guro (isang lalaking kaklase)

Mga mag-aaral (mga babaeng kaklase)

Kung gagawin ito sa bahay

Guro - iyong ina o kahit sinong kasama sa bahay

Mag-aaral - ikaw at kung sino ang gustong magpanggap na mag-aaral sa bahay

Ikaw naman: Gawin ang panuto 1 na nasa itaas.



Tayahin

Panuto: Kilalanin ang simbolo ng mga nota at pahinga na nasa Hanay A at hanapin ang pangalan nito sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

Hanay A

___ 1. 

___ 2. 

___ 3. 

___ 4. 

___ 5. 

Hanay B

a. buong pahinga

b. waluhing nota

c. apating pahinga

d. buong nota

e. apating nota



Karagdagang Gawain

Panuto:

Makinig at pumili ng awitin na napakinggan mula sa radyo o telebisyon. Bigyang pansin ang mga tunog nito. Aling bahagi ng awitin ang may mahahabang tunog? Aling bahagi din ng awitin ang may maiikling tunog?



Susi sa Pagwawasto

Pagyamanin A - (in any order)		Pagyamanin B		Tayahin		Subukin		Pahinga		Tuklasin	
1.		1.		1.	b						
2.		2.		2.	d						
3.		3.		3.	c						
	- kalahating nota - 2		- apating nota - 1								
			- waluhing nota - 1/2								
4.				4.	c						
5.				5.	a						
6.											
7.											
8.											